Univar
Kodigo ng Asal

UNIVAR®
CHEMISTRY DELIVERED™

Talaan ng Nilalaman

Panimula

Pahayag ng CEO 3
Ang Ating Adhikain 3
Mga Prinsipyong Gumagabay 3

Ang Ating Paninindigan sa Integridad

Matapat at Wastong Asal 4
Sino ang Kinakailangang Sumunod sa Ating Kodigo ng Asal? 4
Pagsunod sa mga Batas, Regulasyon at Patakaran 4
Pagnenegosyo sa Buong Mundo 4
Pagsunod sa Ating Kodigo at mga Patakaran 4
Patakarang Bukas na Pinto 5
Pagsunod at Wastong Alertline 5
Proteksyon mula sa Pagganti 5
Mga Karapatan na Mag-ulat sa Gobyerno 5

Ang Ating Pananagutan sa Bawat Isa

Kapaligiran, Kalusugan at Kaligtasan 6
Pang-aabuso ng Droga 6
Karahasan sa Lugar ng Trabaho 6
Diskriminasyon at Panggigipit 6

Ang Ating Pananagutan sa Kompanya At sa Ating mga Shareholder

Pag-iwas sa mga Pagsasalungat ng Interes 7
Mga Regalo at Pangnegosyong Paglilibang 7
Pinansiyal na Pag-uulat at Pagtutuos 8
Pagpapanatili ng Tala 8
Pagprotekta sa Mga Ari-arian at Impormasyon ng Univar 8
Pagiging Kumpidensyal at Proteksyon ng Datos 9
Social Media 9
Pagkapribado 9

Ang Ating Paninindigan sa mga Gawain sa Negosyo na Naaayon sa Batas

Kontra-Katiwalian, Kontra-Panunuhol 10
Antitrust at Patas na Kompetisyon 10
Pakikipagkalakalan ng Tagaloob 11
Pagsunod sa Pag-import at Pag-export 11
Mga Kontrata sa Gobyerno 11
Pagmamay-aring Intelektwal 11

Ang Ating Pananagutan sa Komunidad

Responsibilidad at Kakayahang Mapanatili ng Kumpanya 12
Mga Pamantayan sa Paggawa 12

Mga Waiver 12
Mga Nauugnay na Patakaran 12



Pahayag ng CEO

Mahal na Kasamahan,

Ang Univar ay naninindigan sa pangunguna sa mundo sa pamamahagi ng mga kemikal at kaugnay na mga serbisyo. Sinusukat natin ang ating tagumpay hindi lamang sa pamamagitan ng ating mga resulta, ngunit sa pamamagitan kung paano natin makamit ang mga resulta. Ang bawat aksyon na ginagawa natin ay nagpapakita ng ating paninindigan sa wastong asal sa negosyo.

Isinasaad ng ating Kodigo ng Asal ang mga aksyon at saloobin na gusto nating gumabay sa atin; nagsisilbi itong isang paalala ng mga gumagabay na prinsipyo at pangunahing pinahahalagahan ng Univar. Dapat nating tanggapin ang personal na responsibilidad sa pag-unawa kung ano ang inaasahan sa atin.

Upang matiyak na isinasabuhay natin ang mga prinsipyong gumagabay sa atin, inaasahan na binabasa at nauunawaan ng bawat empleyado ang mga pamantayan na inilarawan sa Kodigo ng Asal ng ating kompanya. Ang impormasyon sa dokumentong ito ay tutulong sa iyo na gumawa ng tamang etikal na desisyon at maging isang modelo sa ibang mga empleyado.

Kung nahaharap ka sa isang mahirap na sitwasyon, huwag mag-atubiling tumigil at magtanong.

Ipinagmamalaki natin ang paggawa sa lahat ng bagay nang ligtas at may integridad, at umaasa sa iyo na ipakita ang ating pangako sa paggawa ng negosyo sa tamang paraan.

Taos-puso,

Stephen D. Newlin
Chairman and Chief Executive Officer

Ang Ating Adhikain

Manguna sa mundo sa pamamahagi ng mga produktong kemikal at mga kaugnay na serbisyo kung saan gustong magtrabaho ang pinakamahusay na mga tao, na maki-kinabang ang lahat ng mga stakeholder.

Mga Prinsipyong Gumagabay

- Pinahahalagahan natin ang mga relasyon, pagdami ng mga kostumer na panghabambuhay, pakikitungo sa mga supplier bilang mga pangmatagalang kasosyo at pakikitungo sa isa't isa nang matapat at may paggalang.
- Nagtatagumpay tayo sa pamamagitan ng pagganap, na nakatuon sa pinakamahusay na pag-papatupad, maraming produkto, ginawang epektibong mga lohistika at pagkaproduktibo.
- Umuunlad tayo sa kapaki-pakinabang na paglago, naghahanap ng mga bagong merkado at mga bagong oportunidad, patuloy na nagpapabago upang maging pinipiling tagapamahagi ng kostumer.
- At dahil tayo ay ang Univar, ginagawa natin ang lahat ng bagay nang ligtas at may integridad.

ANG ATING PANININDIGAN SA INTEGRIDAD

Matapat at Etikal na Asal

Ang pagsasagawa sa lahat ng bagay nang ligtas at may integridad ay nangangahulugan na dapat tayong laging kumikilos sa isang matapat, mapagkakatiwalaan, legal at etikal na paraan. Ang paggawa ng mga desisyong etikal ay nangangailangan ng kaalaman tungkol sa ating mga obligasyong etikal, nagbibigay-galang sa kahalagahan ng etika sa pagsasagawa sa ating negosyo at paggamit sa ating pinakamahusay na paghusga kapag gumagawa ng mga desisyon na may mga etikal na implikasyon.

Maaaring hindi masaklawan ng ating Kodigo ng Asal ang bawat isyung kinakaharap natin, ngunit nagbibigay ito ng mga alituntunin sa pakikipagtrabaho sa kapwa mga empleyado, mga kostumer, mga supplier at mga kasosyo sa negosyo, pati na rin sa pagharap sa mga katanungan na may kaugnayan sa etika o may kaugnayan sa pagsunod na maaaring lumitaw sa trabaho. Kapag nahaharap sa mga etikal na katanungan o mga mahirap na kalagayan na maaaring hindi direktang masagot ng Kodigo ng Asal, inaasahan namin ang aming mga empleyado na humingi muna ng aming payo tungkol sa isyu, upang mabawasan ang anumang etikal na mga isyu para sa kanilang mga sarili o sa Kompanya.

Sino ang Kinakailangang Sumunod sa Ating Kodigo ng Asal?

Naaangkop ang ating Kodigo ng Asal sa mga empleyado ng Univar Inc. at sa lahat ng subsidiyaryo, kaanib nito at kinatawan ng ikatatlong partido , pati na rin sa kanilang mga tindero, mga kasangguni at mga miyem¬bro ng Lupon ng mga Direktor ng Univar

Pagsunod sa mga Batas, Regulasyon at Patakaran

Ang pagsunod sa batas ay mahalaga sa paggawa sa lahat ng bagay nang ligtas at may integridad. Patakaran natin ang sumunod sa lahat ng naaangkop na mga batas, regulasyon, patakaran at mga pangregulatoryong kautusan na naaangkop sa bansa, estado at mga lokasyon kung saan tayo may negosyo.

Kung ang isang patakaran ng Univar o ang aming Kodigo ng Asal ay sumasalungat sa isang naaangkop na batas, palagi tayong susunod sa batas.

Pagnenegosyo sa Buong Mundo

Kinikilala at iginagalang natin ang magkakaibang kultura, mga kaugalian at mga gawain sa negosyo sa merkado. Ang ating magkakaibang proseso sa negosyo at kaugalian ay dapat ding sumunod sa mga internasyonal na batas, mga regulasyon, mga patakaran, mga pamantayan at mga pangregulatoryong kautusan.

Pagsunod sa Ating Kodigo at mga Patakaran

Ang ating paninindigan sa paglago at sa ating negosyo ay palaging nakaayon sa ating paninindigan sa integridad. Kasama ang kaligtasan, ang integridad ay isang napakahalagang tagapanguna para sa lahat ng ginagawa natin. Ang bawat isa sa atin ay may responsibilidad na mag-ulat ng mga insidente o mga paglabag sa anumang mga pamantayan, mga pamamaraan, mga patakaran ng kompanya o sa ating Kodigo ng Asal bilang bahagi ng paninindigang iyon.

Hindi binabago ng Kodigo ng Asal na ito ang ugnayan sa pagtatrabaho sa pagitan mo at ng Kompanya, at hindi rin nito binabago ang iyong legal o iba pang mga karapatan. Gayunpaman, ang pagkabigong basahin o tanggapin ang Kodigo ng Asal ay hindi pinapalaya ang sinuman mula sa responsibilidad na sumunod sa Kodigo ng Asal, mga naaangkop na batas, mga regulasyon at naaangkop na mga patakaran ng Univar.

Kung hindi ka sigurado tungkol sa isang potensyal na legal na isyu sa pagsunod o paglabag, maaari kang humingi ng payo mula sa Legal & Corporate Affairs department. Para sa mga katanungan tungkol sa ating Kodigo ng Asal, mangyaring makipag-ugnay sa Legal & Corporate Affairs department (Compliance@Univar.com).

Para sa mga katanungan tungkol sa partikular na mga patakaran o mga pamamaraan ng pagpapatakbo, maaari kang makipag-usap sa iyong superbisor o manedyer, may-ari ng patakaran o pamamaraan, o makipag-ugnay sa Human Resources department.

Patakarang Bukas na Pinto

Hinihikayat ka namin na iharap ang mga isyu o alalahanin na may kaugnayan sa trabaho sa iyong direktang superbisor o manedyer sa lalong madaling panahon. Kung kinakailangan, hindi ka dapat mag-atubiling iharap ang isang isyu sa ibang manedyer, hanggang sa at kabilang ang ating mga opisyal na tagapagpaganap.

Naninindigan tayo na unahin at tugunan ang lahat ng mga alalahanin ng empleyado nang mabisa at magalang. Kung hindi ka komportable na iharap ang iyong mga alalahanin sa isang manedyer, maaari kang makipag-ugnayan anumang oras sa Human Resources department, o maaari mo ring iulat ang iyong alalahanin sa ating Alertline.



Alertline sa Pagsunod at Etika

Nagbibigay ang Univar ng serbisyo sa pag-uulat para sa mga pinaghihinalaang isyu o mga paglabag. Maaari kang makipag-ugnay sa linya ng pag-uulat sa pamamagitan ng telepono o magsumite ng isang web submission (para sa iyong lokal na kontak sa telepono o sa independiyenteng lugar ng pag-uulat, mangyaring i-access ang pahina ng impormasyon ng Universe Alertline o kontakin ang Opisina para sa Pagsunod sa Batas (Legal Compliance Office).

Bukas ang Alertline 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Maaaring mag-ulat nang walang pagkakakilanlan kung saan pinahihintulutan.

Proteksyon mula sa Pagganti

Mayroon tayong tungkulin na iulat ang pinaghihinalaang maling gawain at kailangang magawa ito nang walang takot sa pagganti. Hindi tinatanggap ng Univar ang anumang pagganti o mga pagbabanta ng pagganti dahil sa pag-uulat ng isang paglabag o pinaghihinalaang paglabag sa batas, mga patakaran ng kompanya o sa Kodigo ng Asal na ito kapag ang gayong ulat ay ginawa nang may mabuting intensyon.

Mga Karapatan na Mag-ulat sa Gobyerno

Bagama’t hinihikayat ka ng Univar na gamitin ang patakarang bukas na pinto o Alertline sa Pagsunod at Etika upang mag-ulat ng mga alalahanin, ang mga paraan ng pag-uulat na ito ay hindi makakapigil sa mga empleyado na iulat ang mga pinaghihinalaang panganib o mga paglabag sa batas o mga regulasyon sa gobyerno o mga naaangkop na regulator. Mahigpit na ipinagbabawal ng Univar ang pagganti laban sa sinumang empleyado na gumagawa ng isang panlabas na ulat nang may mabuting intensyon.

HINTO!

Kapag nahaharap sa isang mahirap na desisyon, maaaring makatulong na itanong sa iyong sarili ang mga sumusunod:

- Ito ba ay legal?
- Naaayon ba ito sa ating mga patakaran, sa ating mga pinahahalagahan, at sa ating Kodigo?
- Isinaalang-alang ko ba ang lahat ng mga posibleng opsyon?
- Naisip ko ba ang mga kahihinatnan at ang mga kaakibat na panganib?
- Kung ang sagot sa alinman sa mga tanong na ito ay “Hindi,” o kung hindi ka sigurado, tumigil at humingi ng patnubay

ANG ATING PANANAGUTAN SA BAWAT ISA

Kapaligiran, Kalusugan at Kaligtasan

Ang Univar ay naninindigan para sa kaligtasan, kalusugan at kapaligiran. Pananagutan ng bawat empleyado ang kanilang sariling kaligtasan at tungkuling tuklasin at tumulong na matanggal ang mga kondisyong hindi ligtas.

Dapat din tayong tumulong na maprotektahan ang ating mga pasilidad mula sa di-awtorisadong mga pagsira sa pamamagitan ng pag-uulat ng mga pinaghihinalaang banta sa ating pisikal na seguridad at pagsunod sa mga pamamaraan ng kompanya.

Sumusunod tayo sa lahat ng naaangkop na batas sa kapaligiran at kaligtasan, mga pamantayan at regulasyon, pati na rin sa mga patakaran at pamamaraan ng kompanya sa EH&S.

Pang-aabuso ng Droga

Pinapanatili natin ang hindi pagpapaubaya (zero tolerance) sa pang-aabuso ng droga na nakakaapekto sa kakayahan ng empleyado sa pagganap sa kanyang mga responsibilidad. Higit pa dito, ang ating hindi pagpapaubaya (zero tolerance) sa pang-aabuso ng droga ay nagpapatibay sa ating paninindigan para sa kaligtasan at nakakabawas sa banta ng mga aksidente kaugnay sa kaligtasan.

Ang sinumang malalaman na nagtatrabaho habang nasa impluwensiya ng droga ay sasailalim sa agarang aksyong pagdidisiplina, kabilang ang at hanggang sa pagkatanggal sa trabaho.

Karahasan sa Lugar ng Trabaho

Hindi pinahihintulutan ang mga pagbabanta o kilos ng karahasan laban sa mga katrabaho, mga kostumer o mga kasosyo sa negosyo. Kung may maobserbahan o makaranas ka ng isang banta o kilos na marahas na pag-uugali sa o malapit sa iyong lugar ng trabaho, dapat mo itong iulat agad sa isang manedyer.

Ang mga manedyer na nakakatanggap ng impormasyon tungkol sa isang pagbabanta o kilos ng karahasan ay dapat ipaalam kaagad sa Human Resources department.

HINTO!

Ang kaligtasan ay hindi kailanman opsyonal. Lahat tayo ay may obligasyon na:

- Magtrabaho nang ligtas sa lahat ng oras
- Magsuot ng naaangkop na pamproteksiyong kagamitan para sa trabaho o gawain
- Iwasan ang mga nakakalingat ng isip habang nagtatrabaho o nagmamaneho
- Iulat kaagad ang lahat ng mga insidente ng pinsala
- Makipagtulungan sa mga pagsisiyasat na may kaugnayan sa kaligtasan
- Sundin ang lahat ng mga Patakaran sa Kaligtasan at mga Pamamaraan ng Kompanya

Diskriminasyon at Panliligalig

Naninindigan kami sa isang kapaligiran sa trabaho na walang diskriminasyon at panliligalig, at yayakapin ang isang kultura ng paggalang sa isa't isa at pagpapahalaga para sa mga pagkakaiba-iba ng ibang mga tao. Kailangan nating palaging tratuhin ang mga empleyado, mga kostumer at mga kasosyo sa negosyo, tulad ng mga tindero at mga taga tustos, nang may dignidad at paggalang.

Ipinagbabawal ng Univar ang diskriminasyon sa lugar ng trabaho batay sa sumusunod **na mga personal na katangian**:

- Edad
- Kanunu-nunuan
- Kulay
- Kapansanan
- Kasarian
- Pagkakakilanlan ng kasarian
- Bansang Pinagmulan
- Lahi
- Relihiyon
- Sekswal na Oryentasyon
- Katayuan ng Beterano

Pinahahalagahan natin ang pagkakaiba-iba sa ating puwersang manggagawa at nagbibigay tayo ng pantay na pagkakataon sa pagtatrabaho para sa lahat ng mga aplikante at empleyado. Hindi tayo magpapakita ng diskriminasyon laban sa sinumang aplikante batay sa mga personal na katangian na nakalista sa itaas.

ANG ATING PANANAGUTAN SA KOMPANYA AT SA ATING MGA SHAREHOLDER

Pag-iwas sa mga Pagsasalungat ng Interes

Ang "pagsasalungat ng interes" ay maaaring mangyari kapag inuuna natin ang sarili kapakangan bago ang mga interes ng Univar, at pagkatapos ay hindi magawa nang mabisa at obhektibo ang ating mga responsibilidad para sa kompanya.

Kailangan mong isiwalat ang mga potensyal na salungatan, na maaaring kabilangan ng:

Pamilya at mga personal na relasyon

Ibang trabaho sa labas

Mga pamumuhunang personal o pampamilya

Kabilang sa mga halimbawa ng mga pagsasalungat ng interes ang:

- Pag-iimpluwensya sa isang desisyon ng Univar na personal na makikinabang kayo o isang miyembro ng pamilya;
- Pagtanggap o pagbibigay ng mga regalo, paglilibang, hospitalidad, mga pautang, mga kabayaran o espesyal na pagtrato mula sa sinumang supplier ng Univar, kostumer o kakumpetensya na may kalakihan ang halaga (ayon sa tinukoy sa Patakaran sa mga Regalo at Paglilibang);
- Pagsali sa isang personal na transaksyon ng negosyo na kinasasangkutan ng Univar, mga ari-arian nito, impormasyon o mga relasyon sa negosyo, para kumita o makinabang nang hindi muna tinatalakay ito sa iyong direktang Superbisor o Manedyer at isinisiwalat sa Opisina para sa Pagsunod sa Batas (Legal Compliance Office) ayon sa naaangkop; o
- Pagkakaalam tungkol sa isang oportunidad sa negosyo sa pamamagitan ng Univar o paggamit sa oportunidad nang personal nang hindi muna ito inaalok sa Univar.

Maaaring magkaroon ng pagsasalungat ng interes kung mayroon kang isang sosyal, pampinansyal, pampulitika o personal na interes na nakakaimpluwensya sa isang desisyon sa negosyo ng Univar o kaugnayan sa kasosyo sa negosyo. Dapat nating iwasan ang mga pagsasalungat ng interes at mga sitwasyon na maaaring ipalagay bilang mga pagsasalungat ng interes.

Ang karagdagang impormasyon tungkol sa paksang ito ay makukuha sa Patakaran sa Pagsasalungat ng Interes. Kung may pag-aalinlangan tungkol sa isang potensyal na salungatan, makipag-usap sa iyong nakatataas na superbisor, manedyer, isa pang miyembro ng pangasiwaan o sa Legal & Corporate Affairs department.

Mga Regalo at Pangnegosyong Paglilibang

Ang palitan ng mga regalo at paglilibang sa pagitan ng Univar at mga ikatlong partido ay dapat na kaugnay sa mga lehitimong layunin ng negosyo. Dapat ding maging makatwiran ang mga regalo at paglilibang, at sumusunod sa mga batas kontra-katiwalian at kontra panunuhol. Ang Patakaran sa mga Regalo at Paglilibang ng Univar ay tumutukoy sa mga uri ng mga regalo na pinahihintulutan, pati na rin ang mga pamamaraan para sa pagpapahintulot sa mga pag-apruba sa mga regalo.

Kapag nakikipagnegosyo sa mga gobyerno, kumonsulta sa Legal department upang maunawaan ang anumang mga panganib sa pagsunod. Laging kumuha ng pag-apruba mula sa Chief Compliance Officer bago ang pagtanggap o pagbibigay ng anumang may halaga sa o mula sa isang opisyal ng gobyerno.

Mangyaring kumonsulta sa iyong manedyer o sa Opisina para sa Pagsunod sa Batas (Legal Compliance Office) kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa mga proseso na nauugnay sa pag-uulat at pag-apruba ng regalo.

Maaaring mahirap matukoy kung kailan ang mga regalo at paglilibang ay angkop o hindi naaangkop.

Isaalang-alang ang mga halimbawang ito:

- Ang pagbibigay ng isang Univar-branded tote bag sa isang supplier ay malinaw na katanggap-tanggap.
- Ang pagbibigay ng isang Univar-branded tote bag na naglalaman ng maraming mamahaling bote ng alak sa isang kasalukuyang kostumer ay nasa hangganan. Humingi ng patnubay mula sa iyong Manager o sa Opisina para sa Pagsunod sa Batas (Legal Compliance Office).

Pinansiyal na Pag-uulat at Pagtutuos

Pinapanatili nating kumpleto at tumpak ang mga talaan upang magkaroon ng tama at tumpak na mga pahayag ng pagtutuos at pinansiya. Ang epektibong pamamahala at panloob na mga pagkontrol ay pinapanatili sa mga proseso ng transaksyon upang maprotektahan ang mga ari-arian ng Univar at matiyak ang tamang pagtutuos at pag-uulat.

Ang pinagsususpetsahang pandaraya ay sisiyasatin alinsunod sa mga panloob na pamamaraan, at anumang panlilinlang sa pinansiya o mga malaking kakulangan sa panloob na pagkontrol ay isisiwalat sa Lupon ng mga Direktor ng Univar o Komite sa Pag-awdit.

Tayong lahat ay may pananagutan para sa tumpak na pinansiyal na pag-uulat na nauugnay sa ating mga trabaho at ang pagsisiwalat ng anumang mga pagkakataon kung saan maaari tayong makaalam ng mga kamalian o mapanlinlang na mga aktibidad.

Pagpapanatili ng Tala

Dapat nating panatilihin ang tapat at tumpak na mga tala ng negosyo upang:

- Makagawa ng mahuhusay na desisyon sa negosyo;
- Matugunan ang mga obligasyong legal, pinansiyal, pangregulasyon at pamamahala; at
- Maparami ang mga benepisyo ng ating naunang kaalaman at nakaraang karanasan.

Ang mga transaksyon o mga talaan ay hindi dapat nakatago, palsipikado o binago. Nauukol ito sa lahat ng mga talaan, kabilang ang mga komunikasyon sa email, mga panloob na memo at mga pormal na ulat.

Pagprotekta sa mga Ari-arian at Impormasyon ng Univar

Ang pagprotekta sa mga ari-arian ng Univar (mga pasilidad, kagamitan, mga computer, atbp.) ay isang priyoridad upang mapataas ang pagiging produktibo. Bawat isa sa atin ay may responsibilidad na sumunod sa lahat ng mga pamamaraan na nagpoprotekta sa halaga ng mga ari-ariang ito upang mapreserba ang estratehiya, paglago, halaga at reputasyon ng Univar.

Ang datos na nilikha gamit ang kagamitan o mga sistema ng kompanya ay ari-arian din ng kompanya na dapat na protektahan. Ang impormasyon ng kompanya at mga sistema ng impormasyon ay dapat na ginagamit alinsunod sa Patakaran sa Seguridad at Proteksyon ng Impormasyon.

Ang paggamit sa computer ng kompanya, mga mobile phone o iba pang mga network device ay limitado sa mga layuning pangnegosyo. Ang paminsan-minsang paggamit upang tingnan ang mga personal na email account o gumawa ng mga personal na tawag ay pinahihintulutan kung pinapanatiling kaunti at makatwiran.

Ang mga mapagkukunang pinansiyal gaya ng mga credit card ng kompanya ay napapailalim sa parehong proteksyon ng ari-arian. Ang Paglalakbay at Gastos ng Kumpanya o Mga Purchase Card ay hindi maaaring gamitin para sa anumang hindi pangnegosyong layunin.

Ang pag-abuso sa mga pondo ng kompanya para sa pansariling pakinabang ay pandaraya at napapailalim sa aksyong pangdisiplina at posibleng mga parusang kriminal.

Para sa mga alituntunin sa paggamit ng mga credit card ng kompanya, mangyaring sumangguni sa Mga Patakaran sa Paglalakbay at Gastos ng kompanya pati na rin ang mga pamamaraan ng credit card.

Pagiging Kumpidensyal at Proteksyon ng Datos

Ang impormasyong pagmamay-ari na may kinalaman sa pinansiyal na pagganap ng Univar, mga estratehiya, mga kostumer at mga vendor ay protektado at hindi maaaring maipamahagi. Ang Patakaran sa Seguridad at Proteksyon ng Impormasyon ng Univar ay nagbibigay ng gabay at mga kinakailangan sa kung paano pamamahalaan ang panloob na impormasyon at mga dokumento na binubuo ng mga empleyado ng Univar o ng ating mga sistema.

Itinuturo din ng Patakaran sa Seguridad at Proteksyon ng Impormasyon ang paggamit sa ating mga sistema. Nagbibigay ito sa atin ng mga pamantayan na tumutulong sa pagprotekta sa datos ng Univar mula sa hindi awtorisadong pag-access o mga pagkasira ng seguridad. Ang pinaghihinalaang mga pagkasira ng seguridad ng IT o paglabag sa Mga Pamantayan sa Proteksyon ng Datos ay dapat iulat sa iyong agarang superbisor, manedyer at sa inyong lokal na Help Desk.

Ang pagkawala ng datos dahil sa pagkawala ng mga kagamitan, tulad ng isang nawala o ninakaw na laptop o mobile device, ay nagkokompromiso rin sa impormasyon na kompidensyal at pagmamay-ari. Kung makaranas ka ng pagkawala ng kagamitan o aparato, mangyaring iulat kaagad ito sa inyong lokal na Help Desk, sa IT Compliance function (ITCompliance@univar.com), o sa Global Privacy Office.

Social Media

Dahil sa lahat tayo ay nakikinabang mula sa mahahalagang karanasan at mga pananaw ng iba, ang paggamit ng online software (o "social media") ay pinahihintulutan. Ang paggamit ng social media ay hindi maaaring labis o lumampas sa saklaw ng mga layunin ng negosyo ng Univar. Ang di-wastong paggamit ng social media ay maaaring humantong sa pagkawala ng datos, mga demanda, mga multa sa regulasyon o mga parusa, at pinsala sa reputasyon at negosyo ng Univar.

Ang mga empleyado na gumagamit ng social media ay dapat matugunan ang mga kinakailangan na nakadokumento sa Social Media Policy ng Univar.

Palaging isaalang-alang ang konteksto ng ipino-post mo. Tiyakin na natutugunan nito:

- Ang Kodigo ng Asal ng Univar;
- Lahat ng Mga Patakaran at Pamantayan, at
- Sinusuportahan ang ating pangkalahatang adhikain at Mga Prinsipyong Gumagabay.

Ang mga personal na account na pinapanatili ng mga empleyado ay kumakatawan sa mga personal na opinyon, kahit na naglalaman ang mga ito ng impormasyon na may kaugnayan sa kompanya tulad ng iyong posisyon sa Univar.

Pagkapribado

Patakaran natin na protektahan ang pagkapribado ng mga katransaksiyon natin sa negosyo, kabilang ang ating mga kostumer, mga kasosyo sa negosyo (hal., mga supplier) at mga empleyado. Inilalarawan ng mga batas sa pagkapribado kung paano dapat pamahalaan ng Univar ang personal na datos sa buong mundo. Ang personal na datos ay anumang impormasyon na may kaugnayan sa kung paano maaaring makilala ang isang tao, at maaaring kasama o hindi ang sensitibong personal na impormasyon tulad ng lahi, kasarian o etnisidad.

Para sa mga katanungan tungkol sa Patakaran ng Univar sa Pagkapribado, mangyaring makipag-ugnay sa Global Privacy Office.

ANG ATING PANININDIGAN SA MGA GAWAIN SA NEGOSYO NA NAAAYON SA BATAS

Kontra-Katiwalian, Kontra-Panunuhol

Ang mga batas laban sa katiwalian ay nagbabawal sa mga kompanya at indibidwal na magkaroon ng di-makatarungang kalamangan sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga suhol sa mga opisyal ng gobyerno o mga pribadong partido. Susundin natin ang Batas ng UK sa Panunuhol (UK Bribery Act), ang Batas ng Estados Unidos sa mga Tiwaling Gawain kaugnay sa ibang Bansa (United States Foreign Corrupt Practices Act) at ang lahat ng mga naaangkop na internasyonal na batas at kombensiyon laban sa katiwalian.

Hindi tayo kailanman mag-aalok o tatanggap ng mga suhol o mga kickback, o padaliin ang anumang uri ng mga tiwaling aktibidad. Ang pagbabawal sa mga panunuhol na ito ay sumasaklaw sa mga ikatlong partido na kumikilos sa ngalan ng Univar, tulad ng mga ahente, mga kontratista at mga consultant na gumaganap ng trabaho para sa Univar. Idinudokumento ng Patakaran ng Univar Kontra-Katiwalian, Kontra Panunuhol ang mga pangkalahatang kinakailangan upang mahadlangan ang katiwalian at panunuhol. Ang bawat empleyado ay inaasahan na sumunod sa mga kinakailangan ng Patakarang ito.

Antitrust at Patas na Kompetisyon

Ang mga batas na antitrust, minsan ay tinatawag ding mga batas sa kompetisyon, ang namamahala sa paraan ng pagkilos ng mga kompanya sa merkado. Sa kalahatan binabalangkas ng mga batas kung paano dapat harapin ng mga kompanya ang mga kakumpitensiya, mga kostumer at mga supplier. Ang paglabag sa mga batas na antitrust ay maaaring magresulta sa mga kriminal na kaparusahan sa indibidwal na kasangkot pati na rin sa kompanya.

Naninindigan tayo sa pagkakaroon ng malaya at bukas na kompetisyon. Matatamo natin ang ating kompetitibong kalamangan sa pamamagitan ng pakikipagkumpitensya nang masigla at patas at sa pagkamit ng pagtitiwala at kumpiyansa ng ating mga kasosyo sa negosyo sa pamamagitan ng kahusayan ng ating pagganap. Hindi natin:

- Ipapaalam ang pagpepresyo, anumang mga termino na makakaapekto sa pagpepresyo, o pagkakaroon ng supply sa sinumang kakumpitensya;
- Hahatiin o ilalaan ang mga merkado o mga kostumer
- (o sumang-ayon na hatiin ang alinman sa mga ito);
- Gagawin ang mga kasunduan sa mga kakumpitensya tungkol sa kompensasyon ng empleyado, pag-tanggap sa trabaho, o pangangalap;
- Sasang-ayunan na i-boycott ang ibang negosyo sa isang katunggali; o
- Lalagyan ng hindi naaangkop o hindi makatwirang mga kondisyon ang mga pamimili o pagbebenta.

HINTO!

Ang mga batas na antitrust ay nag-iiba ayon sa rehiyon. Para sa mga karagdagang detalye, mangyaring sumangguni sa patakaran ng Univar na Antitrust. Para sa mga katanungan tungkol sa mga kinakailangan sa antitrust, mangyaring kumonsulta sa Legal Compliance Department.

Pakikipagkalakalan ng Tagaloob

Ang pagbili o pagbebenta ng securities ng isang kompanya batay sa impormasyong panloob (na kilala bilang "pakikipagkalakalan ng insider") ay isang kriminal na pagkakasala sa karamihan ng mga bansa.

Hindi tayo dapat na sumali sa pangangalakal ng anumang securities ng mga kompanya batay sa "impormasyong panloob." Ang panloob na impormasyon ay mahalagang impormasyon tungkol sa isang kompanya na hindi nalalaman ng pangkalahatang publiko. Maaaring makakuha ang Univar ng impormasyon mula sa mga kasosyo sa negosyo batay sa ating mga relasyon na maaari ring ituring bilang panloob na impormasyon. Ang paggamit sa 'panloob na impormasyon' na ito para sa pansariling pakinabang, ang pagbabahagi nito sa iba, o pagpapalaganap ng mga maling bulong-bulungan, ay labag sa batas at laban sa ating mga pinahahalagahan.

Mangyaring tingnan ang Patakaran sa Pakikipagkalakalan ng Insider para sa karagdagang impormasyon. Kung mayroon kang anumang mga katanungan tungkol sa pakikipagkalakalan ng insider, humingi ng payo mula sa Legal & Corporate Affairs Department.

Pagsunod sa Pag-import at Pag-export

Ang aming organisasyon ng supply chain ay nagbibigay ng pamamahala ng lohistika sa isang pandaigdigang merkado. Mayroong iba't ibang kumplikadong batas at regulasyon na namamahala sa mga pag-import at pag-export ng mga produkto at ilang datos. May responsibilidad tayong sumunod sa mga batas at mga regulasyon na ito. Mangyaring sumangguni sa patakaran sa Global Trade Compliance ng Univar para sa higit pang impormasyon tungkol sa pagsunod sa pag-import at pag-export, kabilang ang mga alituntunin sa mga parusa sa pangangalakal at mga embargo, at mga probisyon kontra-boycott.

Mga Kontrata sa Gobyerno

Pinapanatili ng Univar ang mga ugnayan sa negosyo sa iba't ibang kostumer sa gobyerno. Ang mga kontrata sa gobyerno ay kumplikado at napapasailalim sa mga partikular na batas at regulasyon.

Kapag nakikipagnegosyo sa mga kostumer sa gobyerno (kabilang ang mga negosyo na pagmamay-ari ng estado), dapat tayong sumunod sa lahat ng mga naaangkop na batas at regulasyon. Responsibilidad nating alamin at sundin ang lahat ng panuntunang naaangkop sa mga kontrata sa gobyerno (kabilang ang proseso ng pagbi-tawad). Kung kailangan mo ng tulong sa mga panuntunang ito, mangyaring makipag-ugnay sa Legal & Corporate Affairs department.

Pagmamay-aring Intelektwal

Ang mga karapatan sa pagmamay-aring intelektwal ay mahalaga sa pagprotekta sa mga pamumuhunan na ginagawa ng Univar sa pagbubuo ng mga produkto at mga tatak. Pinoprotektahan natin ang ating pagmamay-aring intelektwal at iginagalang ang mga karapatan ng iba sa pagmamay-aring intelektwal.

Hindi natin maaaring kopyahin, paramihin o ipadadala ang protektadong materyal, tulad ng mga pahayagan, larawan, video o software na pagmamay-ari ng Univar o iba pa, maliban kung tayo ay may awtorisasyon o lisensya na gawin ito.

ANG ATING PANANAGUTAN SA KOMUNIDAD

Responsibilidad at Kakayahang Mapanatili ng Kumpanya

Naninindigan tayo sa pagiging isang responsableng mam-amayang korporasyon. Ang pananagutan ng korporasyon para sa atin ay nangangahulugan ng pagkamit sa tagumpay ng negosyo sa mga paraan na nagpapakita ng paggalang sa mga tao at sa planeta, at pagtataguyod sa mga pinahahal-agahang ipinahayag sa mga prinsipyong gumagabay sa atin.

Hinihiling natin sa lahat ng ating mga empleyado na isaalang-alang ang panandalian at pangmatagalang epekto sa kapaligiran at sa komunidad kapag gumagawa sila ng mga desisyon sa negosyo. Mangyaring sumangguni sa Patakaran ng Univar sa Kakayahang Mapanatili para sa karagdagang impormasyon. Ang ating pagganap laban sa mga kinakail-angan at mga layunin na nagmumula dito at kaugnay na mga patakaran ay nakadetalye sa taunang Ulat ng Univar sa Kakayahang Mapanatili. Para sa mga katanungan tungkol sa paraan ng Univar sa kakayahang mapanatili, mangyaring makipag-ugnay sa sustainability@univar.com.

Mga Pamantayan sa Paggawa

Sumusunod tayo sa mga batas sa pagtatrabaho sa lahat ng mga merkado kung saan tayo ay may operasyon. Hindi palalampasin ng Univar ang mga pang-aabuso sa naaangkop na mga pamantayan sa paggawa, kabilang ang anumang pin-ilit, pambayad-utang, o sapilitang paggawa o pagtatrabaho ng mga manggagawa sa ibaba ng pinakamababang legal na edad ng pagtatrabaho.

Kung naniniwala ka na ikaw o ang ibang empleyado ay napa-sailalim sa isang paglabag sa naaangkop na mga pamantayan sa paggawa, iulat ito kaagad sa isang superbisor, manedyer, nakatataas na namamahala, Human Resources Department, o Legal & Corporate Affairs Department.

MGA WAIVERS

Ang lahat ng mga opisyal ng Univar, mga empleyado, mga miyembro ng Lupon ng mga Direktor at ang mga subsidiyaryo na ang kalakhan ay pagmamay-ari nito ay inaasahan na gamitin ang mahusay na paghuhusga at sumunod sa Kodigo ng Asal na ito, sa lahat ng patakaran at pamantayan ng kompanya. Ang mga paglabag ay maaaring magresulta sa mga parusang sibil at/o kriminal.

Ang mga waiver sa Kodigo ng Asal para sa mga opisyal na tagapagpaganap o mga direktor ay maaari lamang gawin ng Lupon ng mga Direktor o ng isang awtorisadong komite ng Lupon.

MGA NAUUGNAY NA PATAKARAN

Sa ibaba, mangyaring hanapin ang mga patakaran na nabanggit sa ating Kodigo. Dapat mong malaman na maaaring may mga karagdagang patakaran para sa iyong tungkulin at/o geograpikong rehiyon na maaaring naaangkop. Ang iba pang mga patakaran ng Univar ay matatagpuan sa pahina ng Universe Policy and Standards Global Library.

- Kontra-Panunuhol at Kontra-Katiwalian
- Antitrust
- Kapaligiran, Kalusugan at Kaligtasan
- Pagsunod sa Pandaigdigang Kalakalan
- Regalo at Paglilibang
- Pakikipagkalakalan ng Tagaloob
- Seguridad at Proteksyon ng Impormasyon
- Pagkapribado
- Social Media
- Kakayahang Mapanatili
- Paglalakbay
- Pagprotekta sa Whistleblower

© 2017 Univar Inc. Nakalaan ang lahat ng mga karapatan. Ang UNIVAR, ang hexagon, at iba pang mga natukoy na tatak pangkalakal ay pag-aari ng Univar Inc. o ng mga kaanib na kompanya. Ang lahat ng iba pang mga tatak pangkalakal na hindi pag-aari ng Univar Inc. o mga kaanib na kompanya na nakikita sa materyal na ito ay pag-aari ng kani-kanilang mga may-ari. IN-1320-0217
Edisyon 2, Inilathala 5/10/17.

Univar
3075 Highland Pkwy, Suite 200
Downers Grove, IL 60515
www.univar.com
855-888-8648